# Script Para sa Buwan ng Tsunami

Ang Abril ay Buwan ng Tsunami Awareness sa Hawaiʻi.

Mahirap malaman kung kailan magkakaroon ng tsunami, kaya pinapasigla ka naming paghandaan ang di-inaasahang pangyayari, anumang araw ng taon, anumang pagkakataon sa araw o gabi.

Ang tsunami ay sunud-sunod na mga malalaking alon na likha pangunahin na ng lindol.

Habang papalapit ang tsunami sa baybayin, karaniwan nang bumababa ang tubig, hanggang sa makita na ang sahig ng dagat, bahura, at mga isda.

Ang paparating na tsunami ay maaaring lumikha ng malakas na ugong, katulad ng tunog ng umaandar na tren o jet.

Kung makakita ka o makarinig ng anuman sa mga senyales na ito, agad na pumunta sa mas mataas na lugar.

Kung malapit ka sa dagat at naramdaman mo na lumilindol, agad na pumunta sa mas mataas na lugar.

Kung may babala sa paparating na tsunami, at nasa lugar ka na kailangang lumikas, umalis ka na sa bahay o lugar ng trabaho at pumunta sa mas mataas na lugar.

Kung hindi ka agad makaalis sa lugar na kailangang ma-evacuate, maghanap ng gusaling bakal o konkreto na sampu o higit pang palapag ang taas at pumunta sa pang-apat o mas mataas pang palapag.

Bumalik lamang sa tirahan kung sasabihin ng mga awtoridad na ligtas nang bumalik. Maaaring hindi lang may panganib o mga guho sa ibang lugar, posible ring may mga daan na kailangan pang maalis ang mga harang para sa mga gawaing pagsagip at pagtulong.

Kailangan na gamitin ang panahong ito para makapaghanda ng “go bag” na maaari mong dalhin agad kapag emergency.

Maghanda bago dumating ang tsunami, matuto, at tumulong na magligtas ng buhay.

Para sa detalyadong impormasyon, bisitahin ang ready.hawaii.gov